



Petsa: Ika-17 ng Safar 1448 AH / Hulyo 31, 2026 CE

ANG LUNAS SA MGA KABALISAHAN AT KALUNGKUTAN

ANG UNANG BAHAGI NG SERMON:

Tunay na ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah; pinupuri natin Siya, humihingi tayo ng Kanyang tulong at kapatawaran, at nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Ang sinumang patnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanya, at ang sinumang Kanyang iligaw ay walang makapagpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang ibang diyos na may karapatang sambahin maliban kay Allah, Siya ay Nag-iisa at walang katambal, at sumasaksi ako na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo.

"O kayong mga naniniwala! Matakot kayo kay Allah nang buong katapatan at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim [mga nagpapasakop sa Kanya]."

(Ali 'Imran: 102)

"O mga tao! Matakot kayo sa inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa iisang tao (Adam), at nilikha mula sa kanya ang kanyang kaniyak (Eva), at mula sa kanilang dalawa ay nagpalaganap ng maraming kalalakihan at kababaihan. At matakot kayo kay Allah na sa Kanyang pangalan ay naghihingan kayo ng inyong mga karapatan, at igalang ninyo ang mga ugnayang pampamilya. Tunay na si Allah ay Laging Nagmamasid sa inyo."

(An-Nisa: 1)

"O kayong mga naniniwala! Matakot kayo kay Allah at magsalita ng katotohanan."

(Al-Ahzab: 70)

Pagkatapos nito:

Tunay na ang pinakatapat na salita ay ang Aklat ni Allah (ang Qur'an), at ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muhammad (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala). Ang pinakamasamang bagay ay ang mga gawaing inimbento sa relihiyon, ang bawat inimbentong gawa sa



relihiyon ay *bid'ah* (makabagong paglikha), ang bawat *bid'ah* ay pagkaligaw, at ang bawat pagkaligaw ay patungo sa Apoy ng Impiyerno.

Mga Kapatid sa Islam:

Alamin ninyo — nawa'y kaawaan kayo ni Allah — na ang mundong ito ay tahanan ng pagsubok at pagsusulit. Bahagi ng kalikasan nito ang mga kabalisan at dalamhati na pumapasok sa buhay ng tao dahil sa mga karamdaman, kahirapan, kapahamakan, at kalungkutan.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Tunay na Nilikha Namin ang tao sa hirap at pagpupunyagi."

(Al-Balad: 4)

Ibig sabihin, sa gitna ng matinding pagsubok; na kanyang pinagtitiisan at nilulunasan. Dahil dito, naiiba ang Paraiso sapagkat ito ay isang tahanan na walang kabalisan at walang dalamhati.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Walang pagod na sasapit sa kanila roon, at hindi sila kailanman palalabasin mula rito."

(Al-Hijr: 48)

At ang mga naninirahan doon ay hindi mababagabag ang kalooban kahit ng isang salita lamang. Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Wala silang maririnig doon na walang katuturang usapan o kasalanan, kundi ang pananalitang: 'Kapayapaan! Kapayapaan!'"

(Al-Waqi'ah: 25-26)

Mga Lingkod ni Allah:

Tunay na ang mga kalungkutan at kabalisan ay kasama sa mga pagsubok sa daan patungo sa Makapangyarihang Allah. Dahil dito, kailanman ay hindi ito ipinag-utos ni Allah sa alinmang bahagi ng Kanyang Aklat, hindi Niya ito pinuri, at hindi Siya nagtakda ng ganti o ganting-pala para sa paghahangad nito. Sa halip, ipinagbawal Niya ito sa maraming pagkakataon. Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"At huwag kayong manghina at huwag kayong malungkot, habang kayo ang mangunguna kung kayo ay mga tunay na naniniwala."

(Ali 'Imran: 139)

Kaya naman, obligasyon sa isang lingkod na magsumikap na alisin ang mga kabalisahan at kalungkutan sa abot ng kanyang makakaya at huwag magpadala sa mga ito.

Dahil dito, nagpatulong at nagpakupkop ang Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala) laban sa mga ito, na sinasabi:

"O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kabalisahan at kalungkutan, laban sa kawalan ng kakayahan at katamaran, laban sa kasakiman at kaduwagan, at laban sa bigat ng pagkakautang at sa pagmamalupit ng mga tao."

(Inulat ni Al-Bukhari mula sa Hadith ni Anas, nawa'y kalugdan siya ni Allah).

Inirerekomenda din (*mustahabb*) para sa isang lingkod, kapag nakita niya ang kanyang kapatid na nababalisa o nalulungkot, na magsumikap siyang alisin ang kabalisahan at kalungkutan nito, at kausapin ito ng mga salitang mag-aalis ng kanyang dalamhati at magpagaan ng kanyang kalooban.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah tungkol sa Kanyang Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala):

"Nang sabihin niya sa kanyang kasama: 'Huwag kang malungkot, tunay na si Allah ay kasama natin.'"

(At-Tawbah: 40)

At sinabi rin ni Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

"Tiyak na magsasabi ako ng isang bagay na magpapangiti sa Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala)."

(Inulat nina Al-Bukhari at Muslim mula sa Hadith ni Aisha, nawa'y kalugdan siya ni Allah).

Mga Kapatid sa Islam:

Tunay na isa sa mga pinakadakilang dahilan upang mapawi ang mga kabalisahan at kalungkutan ay ang pananampalataya sa Tadhana at Itinalaga ng Allah (*Qada at Qadar*), at ang pag-alam na ang anumang itinadhana ni Allah para sa Kanyang lingkod ay tiyak na mangyayari nang walang duda.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Walang anumang kapahamakang sumasapit sa lupa o sa inyong mga sarili maliban na ito ay nakatala na sa isang Aklat bago pa Namin ito likhain. Tunay na iyan ay napakadali para kay Allah. Upang hindi kayo malungkot sa



anumang nawala sa inyo, at huwag maging labis na magalak sa anumang ipinagkaloob Niya sa inyo. At hindi ibig ni Allah ang sinumang mayabang at mambubusabos."

(Al-Hadid: 22-23)

At dapat na ang pananampalatayang ito ay katambal ng mabubuting gawa.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Ang sinumang gumawa ng kabutihan—lalaki man o babae—habang siya ay naniniwala, tiyak na igagawad Namin sa kanya ang isang magandang buhay, at tiyak na tutumbasan Namin ang kanilang ganti ayon sa pinakamabuti nilang ginagawa."

(An-Nahl: 97)

At sinabi ng Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala):

"Kahanga-hanga ang kalagayan ng isang naniniwala! Tunay na ang lahat ng kanyang gawain ay kabutihan, at ito ay hindi ipinagkakaloob kanino man maliban sa isang naniniwala: Kapag siya ay nakaranas ng kaginhawahan, siya ay nagpapasalamat, at ito ay nakakabuti sa kanya; at kapag siya ay nakaranas ng kahirapan, siya ay nagtitimpi (nagtitiis), at ito rin ay nakakabuti sa kanya."

(Inulat ni Muslim mula sa Hadith ni Suhaib ibn Sinan, nawa'y kalugdan siya ni Allah).

At kabilang din sa mga dahilan ng pagkawala ng mga kabalisan at kalungkutan ay ang pagtulad at pagkuha ng aral mula sa mga Propeta at mga taong matutuwid, at ang pagtuturing sa kanila bilang ehemplo at halimbawa. Tunay na sila ay nasubok sa mga dakilang pagsubok, ngunit sila ay nagtiis. Naiulat mula kay Sa'd ibn Abi Waqqas (nawa'y kalugdan siya ni Allah), sinabi niya:

Sinabi ko: ***"O Sugo ni Allah, sino sa mga tao ang may pinakamatinding pagsubok?"***

Sinabi niya: ***"Ang mga Propeta, pagkatapos ay ang mga pinakamabubuti, at ang mga kasunod pa nila. Ang isang tao ay sinusubok ayon sa antas ng kanyang pananampalataya. Kung ang kanyang pananampalataya ay matatag, ang kanyang pagsubok ay nagiging mas matindi; ngunit kung may kahinaan ang kanyang pananampalataya, siya ay sinusubok ayon sa antas ng***



kanyang pananampalataya. At ang pagsubok ay hindi titigil sa isang lingkod hanggang sa siya ay lumakad sa lupa na wala na siyang anumang kasalanan."

(Inulat ni At-Tirmidhi at ginawaran ng pagpapatibay [Sahihi] ni Al-Albani).

At kabilang din sa mga dahilan ng pagkawala ng mga kabalisan at kalungkutan ay ang pagpapagaan ng mga suliranin ng mga nilikha at ang paggawa ng kabutihan sa kanila; sapagkat ang ganti ay nababagay sa uri ng ginawa.

Ayon sa Sahih Muslim (nawa'y kaawaan siya ni Allah) mula sa Hadith ni Abu Hurairah (nawa'y kalugdan siya ni Allah), tunay na ang Sugo ni Allah (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsabi:

"Ang sinumang mag-alis sa isang naniniwala ng isang suliranin mula sa mga suliranin ng mundong ito, aalisan siya ni Allah ng isang suliranin mula sa mga suliranin sa Araw ng Paghuhukom. Ang sinumang magpagaan sa tao na nasa kagipitan, pagagaanin ni Allah ang kanyang kalagayan sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. At ang sinumang magtakip sa kasalanan o kapintasan ng isang Muslim, tatakpan ni Allah ang kanyang kasalanan sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. At si Allah ay patuloy na tutulong sa Kanyang lingkod habang ang lingkod ay tumutulong sa kanyang kapatid."

Sinasabi ko ang anumang inyong naririnig, at humihingi ako ng kapatawaran kay Allah para sa akin at para sa inyo. Kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya; tunay na Siya ang Mapagpatawad, ang Maawain.

Ang Ikalawang Bahagi ng Sermon:

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha. Sa Kanya ang pinakamabuting papuri at ang magandang pagpaparangal. Sumasaksi ako na walang ibang diyos na may karapatang sambahin maliban kay Allah, Siya ay Nag-iisa at walang katambal; Nagsasalita Siya ng katotohanan at Siya ang nagpapatnubay sa tamang daan. At sumasaksi ako na si Muhammad ay lingkod ni Allah at Kanyang Sugo, nawa'y igawad sa kanya ni Allah, sa kanyang pamilya, at sa kanyang mga kasamahan ang maraming kapayapaan at pagpapala hanggang sa Araw ng Paghuhukom.



Pagkatapos nito:

Kabilang sa mga pinakadakilang dahilan ng pagkawala ng mga kabalisahan at kalungkutan ay ang pagpapakupkop kay Allah sa pamamagitan ng panalangin (dua), taos-pusong pagmamakaawa, at madalas na pag-alala (dhikr) sa Kanya (Luwalhati sa Kanya). Sapagkat hindi Niya binibigo ang sinumang nagpapakupkop sa Kanya, dahil Siya ang Lubos na Maawain at ang Lubos na Mapagpala.

Sinabi ng Makapangyarihang Allah:

"Sino pa ba ang tumutugon sa nangininginig sa takot at nangangailangan kapag siya ay nananalangin sa Kanya, at nag-aalis ng kasamaan, at gumagawa sa inyo bilang mga tagapagmana sa lupa? May iba pa bang diyos bukod kay Allah? Napakabihira ninyong maalala!"

(An-Naml: 62)

At sinabi rin ng Makapangyarihang Allah:

"At tunay na nalalaman Namin na kumikipot ang iyong dibdib dahil sa kanilang sinasabi. Kaya purihin mo ang iyong Panginoon nang may pagpapasalamat at maging isa ka sa mga nagpapatirapa."

(Al-Hijr: 97-98)

At itinuro sa atin ng ating Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala) ang isang dakilang panalangin na maaari nating banggitin sa oras ng kabalisahan at kalungkutan.

Naiulat mula kay Ibn Mas'ud (nawa'y kalugdan siya ni Allah), sinabi ng Sugo ni Allah (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala):

"Walang sinumang tao ang dumanas ng kabalisahan o kalungkutan at nagsabi ng:

'O Allah, ako ay Iyong lingkod, anak ng Iyong lalaking lingkod, at anak ng Iyong babaeng lingkod. Ang aking buhok sa noo (ang aking kapalaran) ay nasa Iyong kamay. Ang Iyong hatol sa akin ay tiyak na magaganap, at ang Iyong itinalaga sa akin ay makatarungan. Hinihiling ko sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan na Iyong pagmamay-ari, na ipinangalan Mo sa Iyong sarili, o ibinaba Mo sa Iyong Aklat, o itinuro Mo sa sinuman sa Iyong mga nilikha, o inilaan Mo sa kaalaman ng ghaib (mga bagay na nakatago) na nasa Iyo: na gawin Mo ang Qur'an bilang tagsibol ng aking



puso, ang liwanag ng aking dibdib, ang tagapag-alis ng aking kalungkutan, at ang tagapawi ng aking kabalisahan.'

— maliban na aalisin ni Allah ang kanyang kabalisahan at kalungkutan, at palitan ito ng kaginhawahan sa Kanyang kinaroroonan."

Itinanong sa kanya: *"O Sugo ni Allah, hindi ba natin ito dapat pag-aralan?"*

Sinabi niya: **"Oo, nararapat lamang sa sinumang nakarinig nito na ito ay pag-aralan at matutunan."**

(Inulat ni Ahmad at ginawaran ng pagpapatibay [Sahih] ni Al-Albani).

At sa dalawang Sahih (Al-Bukhari at Muslim), mula kay Ibn Abbas (nawa'y kalugdan silang dalawa ni Allah), ang Propeta (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsasabi sa oras ng matinding pagsubok at dalamhati:

"Walang ibang diyos na may karapatang sambahin maliban kay Allah, ang Dakila, ang Mahinahon. Walang ibang diyos na may karapatang sambahin maliban kay Allah, ang Panginoon ng Dakilang Trono. Walang ibang diyos na may karapatang sambahin maliban kay Allah, ang Panginoon ng mga kalangitan, ang Panginoon ng lupa, at ang Panginoon ng Marangal na Trono."

Hinihiling natin kay Allah na pawiin ang ating mga kabalisahan, ipagkaloob ang ginhawa sa ating mga suliranin, at gawin ang Dakilang Qur'an bilang tagsibol ng ating mga puso.

O Allah, igawad Mo ang Iyong pagpapala at kapayapaan sa Iyong lingkod at Propeta na si Muhammad (nawa'y ipagkaloob sa kanya ni Allah ang kapayapaan at pagpapala). At kalugdan Mo ang kanyang mga Pinatnubayang Caliph (*Khulafa ar-Rashidin*), ang kanyang mga asawa na mga Ina ng mga Naniniwala (*Ummahat al-Mu'minin*), ang lahat ng kanyang mga kasamahan (*Sahabah*), at ang mga sumunod sa kanila sa kabutihan hanggang sa Araw ng Paghuhukom; at maging kami rin kasama nila sa pamamagitan ng Iyong kabutihan at kagandahang-loob, O Pinakamagandang-loob sa lahat ng nagkakagandahang-loob!

O Allah, gawin Mong kaaya-aya sa amin ang pananampalataya at palamutian Ito sa aming mga puso, at gawin Mong kapalag-loob sa amin ang kawalan ng



pananampalataya, ang kabuktutan, at ang pagsuway, at gawin Mo kaming kabilang sa mga matuwid at pinatnubayan.

O Allah, ipagkaloob Mo ang karangalan sa Islam at sa mga Muslim, at ibaba Mo ang pagtatambal (*shirk*) at ang mga pagtatambal sa Iyo.

O Allah, ingatan Mo ang Kuwait at ang mamamayan nito laban sa lahat ng kasamaan at kapahamakan, at gawin Mo ang bansang ito na ligtas at payapa, pati na rin ang lahat ng iba pang lupain ng mga Muslim.

O Allah, ingatan Mo ang aming mga kapatid na nagbabantay sa mga hangganan, ang mga puwersa ng seguridad, ang pambansang depensa, ang *National Guard*, ang pambansang pambumbero, at ang lahat ng nagtataguyod ng seguridad ng bansa, at patatagin Mo ang lupa sa ilalim ng kanilang mga paa.

O Allah, gabayan Mo ang aming Amir at ang kanyang Crown Prince patungo sa kung ano ang Iyong minamahal at kinalulugdan, at gabayan Mo sila sa kabutihan at pagkatakot sa Iyo (*Taqwa*).

At ang huli sa aming mga panalangin: Ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.

Lupong Tagapag-handa ng Huwarang Khutbah para sa Dasal sa Biyernes